

## **AMORAL ANG SIYENSYA SUBALIT MAY BOSES DIN ANG MGA MASO**

“*Dukdok mga walay grado!*” (Kayod mga walang pinag-aralan!), pangising pambubulahaw ni Baudz sa mga trabahante sa *shift* kong sa mga oras na iyon ay nagsisimula nang maidlip sa kahihintay sa susunod na *Sadam Truck*. Ala-una na ng umaga at pati ako’y namumula na rin ang mga mata dahil sa antok at sa alikabok na dulot ng bagong giling na lupang minina noong araw na iyon.

Magtatatlong taon na rin akong nagtatrabaho bilang isang *SP Shift Supervisor* sa laboratoryo ng isang minahan sa Surigao del Sur ngunit nahihirapan pa rin akong *mag-adjust* sa lugar. O sadya kong pinipilit ang aking sarili na huwag masanay sa kadahilanang ang pagtatrabaho sa minahan ay ang huling hanapbuhay na dumapo sa aking isipan nung nasa kolehiyo pa lamang ako. Maraming tutol sa pagmimina at sa dulot nito sa kapaligiran, at noo’y isa na ako sa mga estudyanteng mariin ang opinyon laban sa industriyang ito.

Subalit mapagbiro nga raw ang tadhana. O baka nga ginusto ko rin ito. Nang ako’y makapagtapos at makakuha ng lisensya sa *Chemical Engineering* ay kating-kati na akong makakuha ng trabaho. Simula nang nawalan ng trabaho ang aking tatay noong panahon ni Erap ay talagang mahirap na ang aming pamumuhay. Buwanang nagpapadala ng *foreclosure notice* ang *housing agency* sa aming bahay dahil matagal na itong hindi nababayaran sa PAG-IBIG. At dahil na rin sa napakarami na ang mga nakabinbing utang ni nanay para lang mairaos ang aking pag-aaral noon ay agad akong pumunta sa lahat ng pwedeng *job interviews*. Kung hindi bumagsak ay hindi naman

kakasya ang sahod na inaalok ng kompanya kumpara sa gagastusin sa paglilipatang lugar pati na ang ipapadala ko sa aking nanay. Nagbuntong hininga muna ako bago kunin ang trabaho sa minahan. Ito na lamang ang tanging kompanya na pwedeng pasukin ng tulad kong bagamat *entry level* ay may kaukulang sahod na ring makakasuporta sa aming pamilya.

Marami akong kakilalang tinutukso pa ako kesyo binenta ko raw ang aking prinsipyo kapalit ng pera. Subalit wala akong pribileheyong mamili. Hindi nakakain ang mga salitang pinaglalaban nung kolehiyo ka pa. Sa mga panahong iyon ay napagtanto kong mas mabuti pang lunukin ang *pride* at mga salitang pinaglalaban mo dati kaysa panoorin mo ang iyong pamilyang walang makain.

\*\*\*

Pero kung gaano akong palihim na naasiwa sa larangan ng aking napiling industriya ay kabaliktaran naman pagdating sa aking mga katrabaho. Nasa tatlumpo ang trabahante sa shift ko at si Baudz ang isa sa mga pinakamasipag kong *Sample Preparation Helpers*. *Understatement* na ang tawagin silang masipag. Sa halagang dalawang daan at apatnapung piso, kakarampot na COLA at iilang *overtime pay* ay labing-isang oras silang hahawak ng pala at maso- bubuhatin, mamasahin, titibagin at pipinuhin nila ang nasa apatnapung kilong bigat na sakong ang laman ay pinaghalong bato, lupa at putik. Ito ay tinatawag naming “ore sample.”

Kung maulan at siniswerte (pero malas para sa may-ari ng minahan), nasa apat na raang sako ang tatrabahuin sa isang araw. Maswerte na iyon. Subalit kung tirik naman ang araw at malakas ang produksyon ay mahigit doble o triple ang sakong darating. Bagamat

hapung-hapo, ay madalas pang hindi *nagdaday-off* ang mga trabahante sa shift ko para lumaki-laki ang kanilang makukubra sa isang kinsena.

Mabilis na umatras ang Sadam papunta sa *unloading area* ng aming laboratoryo. Halos nakapikit pa ang isang mata'y umakyat si Baudz at mabilis na ibinababa ang mga sako. Nasa singkwenta ang bilang ko.

“Dukdok na mga walay grado!” mas malakas pang pagtawag ni Baudz sa kanyang mga kasamahan pagkatapos ng aking hudyat.

“Di ka nga tumungtong ng Grade 2 dahil takot kang magpatuli, wala ka ring grado,” sagot ng isa pang katrabaho ni Baudz habang kinukuha ang maso sa tool box.

“Bakuna yun hindi tuli. At lamang ka lang ng isang baitang bago ka tumigil. Nagka-TB ka raw kasi,” patawang sagot ni Baudz sabay na rin ang paghagikgik ng iba.

Isa-isa nilang kinuha ang kanilang mga pala at sinimulan nang itaktak ang mga sako sa *steel plates* kung saan tatrabahuin nila magdamag ang mga *ore samples*. Wala na namang tulugan ito.

\*\*\*

“Importante ang prinsipyo sa ating mga inhinyero. Tayo ang mas nakaka-alam kaya kinakailangang maging *agents of change* tayo. Ang siyensya ay isang *amoral* na larangan. Isang *double-edged sword*. Ito'y purong numero at teorya. Tayong mga inhinyero ang magbibigay katuturan kung saan ito gagamitin. Maaring gamitin ito para maipagpabuti ang buhay ng mga tao subalit sa kamay ng mga sakim ay pwedeng kasangkapan ito sa ikauunlad ng iilan lamang kahit pa sa kawalan ng nakararami.”

Iyan ang paalala sa amin ng isa naming propesor sa *ethics* noong kolehiyo. Kumbinsido akong tututol ako sa anumang trabaho na may kaugnayan sa pagsira ng kalikasan at pagsasamantala sa kakayahan ng mga tao.

Pero mas komplikado ang realidad sa labas ng apat na sulok ng silid-aralan. Habang ako'y naghahanap ng kompaniyang pagtatrabahuan, napagtanto kong wala nang santo sa panahong ito. Lahat ng planta ay gumagamit ng uling na kung hindi sagana sa *mercury* ay masyado namang malaki ang *carbon emission*.

May mga *oil companies* na masayang bumibili at pumupondo sa pananaliksik ng mga unibersidad pagdating sa *biofuel* o yung mga alternatibong gasolinang mula sa mga halaman. Sa unang tingin ay maganda ito. Subalit kung susumahin ay maraming korporasyon ang nagpopondo ng mga pananaliksik na ito upang mapasakanila ang mga *intellectual property rights*. Sa huli, sila ang magkokontrol sa paggamit ng *biofuel* at sila na rin ang makakakuha ng *tax cuts* kahit na hindi naman halos ginagamit ang teknolohiya ng *biofuel* sa kanilang mga gasolina at diesel. Patuloy pa ring magiging mahal ang langis, subalit palaki nang palaki ang *tax breaks* ng mga korporasyon.

May mga planta sa *food industry* na naglalagay ng kakarampot na bitamina sa mga *junk foods* para lamang *ma-advertise* na masustansiya ang kanilang produkto o hindi kaya'y nakakapayat ito kahit na gabundok na MSG at mga *perservatives* ang nakahalo dito.

At lalong mas marami ang mga plantang hindi sapat ang *pollution control devices* subalit nakakalusot pa rin dahil sa atrasado ang batas sa mga *third-world nations* pagdating sa pagbalanse ng industriyalisasyon kumpara sa kalusugan ng mga tao. Hindi baleng milyon

ang gagastusin sa mga abogado, makahanap lang ng butas sa batas nang sa gayon ay makatipid sa mga makinaryang magkokontrol sa polusyon.

Ang mga outreach program ng nakararami ay hindi upang talagang lubos na makatulong sa komunidad kundi para lang mabawasan ang *tax* na binabayaran. Marami ang kontraktwal, hindi sumusunod sa *minimum wage* at hindi nagbibigay ng sapat na benepisyo sa kanilang mga manggagawa.

*Amoral* nga ang mga produkto ng siyensya.

Kibit-balikat ko nalang na kinumpirma ang mga papeles na ibinigay sa akin ng HR. Pagkabukas ay bumyahe ako papuntang Surigao del Sur. Kalbo ang mga kabukiran at nakalantad ang kulay pulang lupa dahil sa masaganang deposito nito ng *Iron* at *Nickel*. Tanghaling tapat noon kaya tirik na tirik ang araw ngunit mahalumigmig ang hanging nakapanglalagkit at kitang-kita ang pagbuga ng mainit na singaw mula sa nag-aalburutong tambutso ng mga *heavy equipment* sa daan.

Ang mga nakapilang *backhoe* at ang pagbulusok ng kulay pula't kahel na alikabok na tila nagbigay kulay sa hangin ang sumalubong sa akin.

Parang isang higanteng *Instagram filter* ang buong lugar. Surreal.

\*\*\*

Hindi naging madali ang unang taon ko sa minahan. Subalit maraming mga bagay na nagbago sa aking mga paniniwala noong unti-unting kong nakilala ang mga tao sa maliit na nayon sa Surigao del Sur.

“Sir, bakit ba galit na galit ang mga tao sa mining eh dun nga sa Maynila, kulay itim na ang dagat at parating bumabaha dahil sa mga planta at basura pero hindi naman sila tumututol sa mga sarili nila,” tanong ni Tatay Jr. noong bago pa lang ako sa minahan.

Sa edad na 58, si Tatay Jr. ang isa sa mga pinakamatagal na manggagawang kontraktwal sa laboratoryo. Naroon na siya noong magsimulang magmina ang korporasyon at siya na rin ang tinuturing na pinakamadunong sa grupo. Tatay ang tawag sa kanya dahil siya ang pinakamatanda at dinagdagan ng “Jr.” bilang katuwaan na rin sa kanyang medyo pangmatanda ring pangalan- “Bonifacio.”

“Nagsasalita lamang siguro sila upang ipaglaban ang kalikasan at ang karapatan ng tulad ninyong mga taga-nayon, ‘Tay.’”

“Yung mga nakikipagtalo sa peysbuk, ‘di ko naman sila nakitang bumisita dito upang alamin ang tunay na kalagayan naming mga taga-nayon. Papaano nila masasabing para sa kapakanan namin ang kanilang ipinaglalaman kung hindi man lang nila kami kilala?”

“Pero ‘Tay, ang lugar na ito raw kasi ay dapat na turismo ang ikinabubuhay. Sayang ang mga puno at nakakalbo ang mga bundok,” depensa ko. Madalas kaming magdebate tuwing *break time*.

“May mga bundok din naman sila noon. Mas nauna lang nilang kinalbo. At bakit sila ang magdidikta sa kung anong dapat na ikinabubuhay natin samantalang ‘di naman sila ang papasan ng mga problema kapag nawalan kami ng trabaho.”

Napaisip ako. May punto nga si Tatay Jr.

“At tsaka, madali lang kumontra sa ikinabubuhay namin kung nasa mga *de-aircon* silang kwarto habang nagkokomento sa peysbuk at ‘di kailangang mag-isip kung may kakainin ba bukas o sa susunod na mga araw. Nakatira na ako dito bago pa ang minahan. At mahirap ang buhay noon. Kung walang makukuhang isda, ay mag-aabang nalang ng mga bus na pwedeng maholdap. Walang ospital at walang sementadong kalsada. Naghihingalo pa lamang ang aming mga mahal sa buhay ay iiyak na kami habang binababa sila sa bundok dahil alam naming ‘di na sila aabot. Nasaan ba sila noong nagbabanat kami ng buto para mabuhay o noong pilit kaming dumudulog sa gobyerno upang maabutan kami ng tulong sa kung ano mang kabuhayan ang meron kami?”

Hindi alam ni Tatay Jr. na tinamaan ako ng kanyang katwiran. Noong nasa kolehiyo pa ako’y ang nasa isip ko lamang ay gusto ng mga tao sa nayong ito ng madaliang pagkakaperahan kaya pumayag silang minahin ang kanilang mga bundok. ‘Drowing’ lang pala ang pag-aakala kong buong katotohanan hinggil sa mga tao sa nayon.

Nakakatawang isipin na inakala kong wala akong pribilehiyong pumili subalit ang akin palang pribilehiyong makakain ng tatlong beses sa isang araw, makatulog sa maayos na higaan at ang makapag-aral sa syudad ang bumulag pa sa akin na mag-isip lampas pa sa mga teorya ng siyensya at magtanong sa aking sarili kung kahit minsan ba ay sinubukan kong isipin kung anu-ano ang mga natatanging istorya sa likod ng bawat tao na nakatira sa lugar na ito.

Ang akala ko ay nagsasalita ako noon para sa kapakanan ng mga taong taga-nayon tulad ni Tatay Jr., subalit ang hindi ko alam ay sa aking pagsasalita bunga ng aking pribilehiyo, ay ako pa mismo ang nagpatahimik at nagnakaw ng boses nila.

“Pero alam mo sir, pwede naman talaga ang turismo o pangingisda dito. Pero ewan. Iniwan na kami ng gobyerno. Hindi sila kailanman nagbigay ng tulong sa mga mangingingisda o magsasaka noon,” binasag ni Tatay Jr. ang aking pagkatahimik.

May isang beses na pumunta ako sa tabing-dagat upang kumuha ng mga litrato. May lumapit sa aking mga mangingingisda sa pag-aakala nilang ako ay nagtatrabaho sa Departamento ng Agrikultura. Nangingi sila ng tulong at sinabing mahigit walong taon na ang nakalipas noong huling nag-abot ng tulong-pinansyal ang pamahalaan sa kanila. Butas na ang kanilang mga lambat at malapit nang masira ang mga katig.

\*\*\*

“*I won't allow people to suffer.*” Malakas ang dating ni Gina Lopez sa kanyang mga talumpati. Nasa elementarya pa lang ako noong sinimulan niya ang Kapit Bisig Para sa Ilog Pasig at talagang namangha ako sa kanya.

Tahimik akong napangiti noong nagdeklara siya ng *ultimatum* para sa mga minahan sa kasagsagan ng pagkakatalaga sa kanya ng pangulo bilang sekretarya ng DENR. Sa isip ko, sa wakas ay marereporma na rin ang kabuhayan ng mga tao dito sa nayon.

Si Tatay Jr. bagamat nabalisa noong una ay positibo pa ring magbabago ang pamamalakad sa nayon at sa minahan. Maaaring pagkatapos ng *audit* ay may umento sa sahod, bumuti ang *labor standards*, mga benepisyo o di kaya'y mapigil sa wakas ang tuluyang pagkakalbo ng bundok o pagdausdos ng *silt* sa dagat. Kahit na pagmimina ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao sa nayon ay marami pa rin silang mga hinaing na gustong ipaabot sa gobyerno.



Ngunit nagbago ang ihip ng hangin at mula sa reporma ay naging *blanket policy* sa *banning* sa pagmimina ang naging kampanya ng pamahalaan. Sa totoo'y nabahala kaming lahat. Siyempre, mawawalan ng trabaho ang mga tao.

Sa kabila ng mga agam-agam, ay nanalig pa rin ang mga tao sa desisyon ng gobyerno. Bago pa lamang ang administrasyon noon at malaki pa ang pananalig ng mga tao sa mga plano ng mga nakaluklok sa pwesto.

“Ayos lang sa amin kahit na maipasara ang minahan, basta mabibigyan nang maayos na alternatibong pangkabuhayan ang mga tao. Pagtatanim, pangingsda, paghahabi, kahit ano basta patuloy tayong mabuhay,” ani Kokok, isa ring trabahante sa shift ko.

Kokok ang palayaw niya dahil daw ang mga mata nito ay kawangis ng sa kuwago. Ang hindi ko lang maintindihan ay ang Kokok ay isang uri ng ibon na *endemic* sa Mindanao subalit hindi ito isang kuwago. Kung bakit Kokok ang tawag sa kanya sa halip na Kuwago, ay hindi ko alam. At wala ring may alam kung nakapag-aral ba si Kokok noong ito'y bata pa. Kung tatanungin ay paiba-iba ang sagot nito. Minsan grade 2 o grade 1 ang sasabihin niya pero madalas ngisi lang ang isasagot nito. Sa gulang na dalawampu't isa ay si Kokok na ang nagpapa-aral sa kanyang kapatid at sumasagot sa ilang gastusin sa bahay. Tumatawa ito lagi kapag napag-uusapan ang kanyang tatay. Ayon sa kanya masipag ang kanyang tatay dahil lagi itong may pasang burol sa likuran. Tsaka sasabihing, “Joke lang. Kuba ang Tatay ko, sir.” Pagkatapos ay hahalakhak kaya sabay ding mahuhulog ang marpel na ngipin nito. Maagang nawala ang nanay ni Kokok sa isang karamdaman na hanggang ngayon ay hindi nila alam kung ano. Walang maayos na ospital sa mga panahong iyon at kinakailangan pang lakarin ng ilang kilometro ang karatig na baranggay.

Madalas ding umuwing may pasa sa mata si Kokok tuwing inuman, hindi dahil sa napapaway ito kundi dahil sa hindi nito mapigilang huwag maki-usyoso sa mga rambol. Dahil nga sa maraming nagsasabing kawangis nito ang mga mata ng isang kuwago, ay kapag nagrarambol, napagkakamalan itong kasama sa suntukan. Wala pa ngang krimen, suspek na ang mukha ni Kokok. Pero dahil nga sa sobra kung kumayod ay nakakalimutan na niyang alagaan ang kanyang sarili. Minsa'y pumasok ito na mukhang magdadalawang linggo nang hindi nilalabhan ang suot na maong at brief.

“Hoy Kokok, yung brief mong puti, kulay salmon na. Last week pa yan. Bumili ka na ng bago,” biro ni Baudz.

“Wala pang sweldo, sa bente na,” sagot ni Kokok habang abala sa pagpukpok ng bato.

“O eto singkwenta, bumili ka sa ukay-ukay. Tapos eto bente, ipahilot mo yang mukha mo para mawala ang usog.”

“Ulol.”

Sabay-sabay ang tawanan ng ibang mga trabahante habang minamasa ang lupa. Napatawa na rin si Kokok kaya nahulog din ang marpel nitong maluwang na ang pagkakasukat. Pinulot niya naman agad mula sa putik, pinunasan gamit ang maputik niya ring *t-shirt* at madaling isinuot sa bakanteng espasyo sa hanay ng mga ngipin niya.

“Wow yaaaaami,” biro ni Baudz. Nagsitawanan na naman ang lahat.

Masasabing hindi kasindunong ni Kokok si Tatay Jr. o sinumang nagtatrabaho sa amin, subalit siya mismo, sa kanyang kapasidad, ay alam kung ano ang kailangan ng mga tao

sa nayon- trabahong marangal na magbibigay dignidad sa kanilang pagkatao. Bagay na tila hindi makuha-kuha ng mga taong nakaluklok sa pwesto.

Patawa-tawa lang kami sa trabaho pero sa loob ay balisa kami sa kahihinatnan ng aming pangkabuhayan kapag naipasara ang minahan. Nakiramdam kami sa mga susunod na gagawin ng sekretarya.

Nagkaroon ng *audit* at doon nakita ang siltation o ang unti-unting pagdausdos ng putik at alikabok papunta sa dalampasigan. May mga lokal na opisyal na pumunta sa minahan subalit hindi man lang nila tinanong ang kalagayan ng mga trabahante. Purong diskusyon sa teorya ng pagmimina, *environmental science at community development* ang nangyari. Hindi naman masama ito. Sa katunayan maganda ngang napag-uusapan ang ganitong mga bagay. Ngunit ang masaklap ay kung hanggang sa salita lamang ito at hindi man lamang bababa ang mga taong nakaupo sa itaas upang makihalubilo at makita kung gaano kahirap ang dinaranas ng mga taong nasa ibaba.

“Kung makikita ko si Secretary Lopez ay talagang sasabihin ko sa kanya ang mga hinaing natin. Makikinig yun,” ani Kokok.

“Asa ka pa eh sa inuman nga napagkakamalan kang ex-con. Paano ka paniniwalaan nun,” sumbat ni Baudz.

“Kunwari nga lang kasi.”

Kunwari nga lang talaga. Hindi na namin nakita ang sekretarya. Ilang buwan ang lumipas ay hinarang ang pagkakatalaga ni Gina Lopez. Linggo lamang matapos simulan ng CA ang *appointment hearing* ay napagkasunduan nilang ireject ito.

Ganoon lamang kadali. Maraming nagdedebate sa Facebook hinggil sa usaping ito ngunit sa social media man o sa korte ay wala kang maririnig na tungkol sa tunay na kwento at hinaing ng mga tao na nakatira mismo sa nayon. Para bang nagkaroon ng paglilitis ang buong bayan para sa isang biktima subalit hindi man lang kinuha ang panig nito.

Nang pumutok ang balitang hindi na matutuloy ang pagkakatalaga ng sekretarya ay agad na nagpa-lechon ang may-ari ng minahan. Parang pista noong panahong iyon at ngiting-aso pa si Kokok habang kinakain ang lechon, maingat na hindi malaglag ang marpel niya.

Subalit hanggang doon lamang ang kasiyahan. Walang repormang nangyari. Walang umento sa sahod, benepisyo, *labor standards* o kahit ano mang magandang balita para sa amin mula sa kumpaniya.

Wala ring alternatibong pangkabuhayan mula sa gobyerno. Tila nalimutan ang mga planong pangkabuhayan upang unti-unting magtransisyon ang industriya ng nayon. Hindi na kailanman napag-usapan ng lokal na pamahalaan ang mga paglabag sa batas ng iilang mga minahan. Hindi na rin hinikayat ang mga tao na maghanap ng ibang mapagkakakitaan.

Unti-unti ring tumigil ang mga usapin sa social media ukol sa minahan. Hindi na *flavor of the month* ang pagmimina kaya hindi na rin ito ang laman ng mga *hashtag*, *comment threads* o *posts* ng mga tao. Hindi na rin napag-usapan pa ng mga *media outlets* ang mga minahan at kailanman ay hindi rin naikwento ang buhay ng mga taga-nayon sa kahit anong lathalain.

Para bang nakalimot ang mga tao tungkol sa buhay nila Tatay Jr., Baudz, at Kokok. Noong nakaraang linggo lang ay mainit nilang ipinaglalaman gamit ang kanilang *keyboard*

ang mga karapatan ng mga taga-nayon, subalit ngayon ay balik na kaagad sila sa pagsusulat tungkol sa paborito nilang artista, sa *koreanovela* na kanilang sinusubaybayan o kahit anong bagong isyung magiging mainam na namang distraksyon mula sa mundo. Patuloy ang pag-arankada ng teknolohiya at ang mga produkto ng siyensya subalit sa halip na magkalapit tayo bilang mga tao ay para bang walang tigil pa tayong nagkakalayo. Ang mga isyung ito ay pinag-uusapan ng nakararami hindi upang lutasin ang mga hinagpis ng mga manggagawa kundi para lang pampaningas sa ating libog na ipadama sa ating mga sarili na kunwari ay may pakialam at matalino tayo.

Bumalik sa 'normal' ang operasyon sa planta. Ngunit hindi positibong reporma ang aming nakita. Kumonti ang mga nakakuha ng trabaho sa susunod na *mining season*, halos doble ang nalagas sa pondo na dapat sana ay sa reforestation at napakaraming kontraktwal din sa *nursery* ang hindi na nakabalik pa. Halos kalahati ang binawas sa *manpower* na para sana sa pagtanim ng mga puno sa mga lugar na tapos nang minahin.

“Kung hindi na kayo masaya ay magresign na kayo,” sabi ng isang *executive* sa kanyang talumpati sa aming *flag ceremony* nang wala masyadong pumalampak matapos siyang magbigay ng “pep talk.”

Dapat daw ay magpasalamat pa kami at meron pa kaming trabaho at hindi tumigil sa operasyon ang minahan. Mahina raw ang bentahan ng *Nickel* at *Iron* sa Tsina kaya *cost cutting* sa iilang mga trabahante ang kanilang napagkasunduang gawing hakbang.

\*\*\*

Para kaming ipinagkanulo.

Naaalala pa namin ang mga linggo noong kasagsagan ng pagkakatalaga ni Gina Lopez. Pinagsabihan kaming mawawalan ng trabaho ang mga taga-nayon at wala ring alternatibong trabahong maaaring maibigay ang sekretarya.

Sa totoo lang, nabasa ko ang memorandum ng pamahalaan at masakit mang aminin ay tama ito. Kahit na buo ang pasya ng gobyernong ipasara ang mga minahan ay hindi ko maipagkakailang wala ring sapat na plano sa kung anong gagawin sa daan-daang pamilyang mawawalan ng trabaho.

Baka raw ipagtatanim muna ng kamote at kawayan ang mga taga-nayon. Baka raw paghahabi. Baka raw magbigay ng mga lambat at katig. Puro 'baka' subalit walang matatag na plano silang binigay.

Ito na rin ang nag-udyok sa mga taganayon na makumbinsi ng mga korporasyon na magrally at dumulog na huwag ipasara ang minahan. Walang pasok sa minahan nung mga panahong iyon. Subalit ang pagsama sa rally ay kahit na hindi raw compulsory, ay "No Rally, No Pay" naman sa araw na iyon.

Hawak ang mga kartelong gawa sa sako ay binagtas namin ang boulevard. Inis pa si Kokok kasi bakit daw Indigent ang nakalagay sa kanyang placard eh hindi naman siya katutubo. Baka raw makasuhan pa siya.

Ikailang-ulit pa kaming nagrally habang ang mga *executives* ng kumpanya ay naroon sa opisina ng de-aircon. Hanggang ngayon ay hindi ko maipagmamalaki ang pagsama sa mga rally na iyon.

Nang mawala na ang banta ng pagsasara ay sa halip na suklian ang mga tao ay tila nanlamig pa ang minahan. Maagang *naterminate* ang kontrata ng mga kontraktwal na manggagawa sa taong iyon.

Ang tanging nagbago lamang sa kanila ay ang kanilang *designation*. Sa mga papeles ay hindi na sila tinawag na kontraktwal kundi *service provider* o *project-based* na. Ito raw kasi ang “akmang” legal na terminolohiya sa kanilang posisyon. Mahirap na raw dahil may bago nang batas laban sa kontraktwalisasyon. Hindi na bale kung malaki ang bayad sa abogado, makahanap lang ng lusot.

\*\*\*

Isa na si Kilong, aking trabahante, sa mga naunang *naterminate*. *No read, no write* ikanga dahil napakalayo ng eskwelahan at kinakailangan pang maglakad ng ilang kilometro mula sa bukid papunta sa elementarya. Napagtanto ng mga magulang ni Kilong na mas makakatulong ito sa bukirin kaysa kung papag-aralin nila ito.

Babuyan ang pangalan ng baranggay nila Kilong. Dubai ang tawag namin sa lugar na iyon. Wala kasing *signal* at mahirap na maabutan ng tulong kaya kung aakyat ka man papuntang Babuyan ay para ka na ring nag-abroad.

Mababait at masayahin ang mga tao rito. Masasabi mang liblib ang lugar dahil sa layo nito mula sa sentro ay puno pa rin ito ng tawanan ng mga bata at matatanda lalo na kung pista. Nakapunta na rin ako sa barangay ng Babuyan dahil marami akong katrabahong doon nakatira. Maliit pero makulay ang komunidad.

Subalit nito lamang Pebrero ay nasalanta ng bagyong Basyang ang munting barangay ng Babuyan. Sa kauna-unahang pagkakataon ay gumuho ang lupa sa bukid. May mga

magtotroso at minahang ibinaon lamang sa lupa ang mga pinutol na kahoy upang maitago ito sa DENR. Hindi man gaano kalaking pinsala ang naidulot ng rumaragasang putik ay ang mga trosong ibinaon sa lupa naman ang sumira ng mga bahay at kumitil sa buhay ng dalawang bata sa barangay ng Babuyan.

Ang huli kong balita ay ayos lang daw si Kilong dahil wala raw ito sa Babuyan noong mangyari ang trahedyang. Naghahanap na raw ito ng trabaho sa abroad kahit pa *no read, no write* siya. Subalit sa ngayon ay hindi na bumalik ang dating sigla ng barangay at unti-unti pa silang bumabangon mula sa sakunang ito. Hindi na rin kasing-sigla ang tawanan ng kabataan sa komunidad. *As expected*, hindi na napatunayan kung sino ang may sala sa pagbaon ng mga troso sa lupa at nanahimik na lamang ang isyung ito na para bang walang nangyari.

\*\*\*

Ala-una na nang umaga at kabababa pa lamang ni Baudz sa mga sako. Itinataktak pa lamang nila Kokok ang mga *ore samples*. Namumula na ang aming mga mata dahil sa antok at kulay pula't kahel na alikabok.

“Tay Jr., magpatugtog naman po kayo,” pakiusap ko.

Bawal ang magpatugtog ng malakas na musika sa laboratoryo dahil baka hindi makapag-*concentrate* ang mga tao sa pagpukpok. Baka raw may maaksidente pa. *Unsafe practice* ang tawag dito. Subalit ako ang bisor nila at lalong hindi kami makapagtatrabaho nang maigi kung lahat kami ay maiidlip bigla. Hindi libre ang kape sa kompaniya kahit na sa *night shift* kaya musika na lamang ang pantanggal namin ng antok. Kinuha ni Tatay Jr.



ang kanyang radyong de baterya. Regalo pa ito sa kanya ng kanyang anak na napagtapos niya dahil sa pagtatrabaho sa minahan.

Akma rin sa edad ni Tatay Jr. ang mga kantang ipina-*download* niya sa akin sa *SD card* na kasama ng radyo. “Asin Greatest Hits Collection” ang paboritong *playlist* ni Tatay Jr.

“Kapanahunan na naman ng Hapon ang mga kanta ni Tatay!” sigaw ni Kokok.

“Henyo. Alam mo ba kung kelan yung mga taon na yun?” sambit ni Baudz.

“Oo, 19-porgaten,” si Kokok lang ang tumawa kasabay ng pagsalo niya sa kanyang marpel.

“Gago.”

Nagsimula silang magtrabaho habang ang awit na “Balita” ang ipinatugtog ni Tatay Jr. Sa mga panahong ito ay naisipan ko nang magresign sa susunod na taon. Andami kong gustong ilagay sa aking *resignation letter* hinggil sa mga hinaing ko at ng mga tao ngunit hindi ako sigurado kung kasya ba sa iilang pahina iyon.

Hanggang sa ngayon ay nakatatak pa rin sa akin ang *lyrics* ng awit na “Balita.” Angkop ang pagkakalapat ng titik nito sa kung anong nangyayari sa bayan ngayon. Para bang nahulaan ng Asin kung anong mangyayari sa nayon ilang taon matapos nilang isulat ang kantang ito. O, baka nga walang nagbago kaya napapanahon pa rin ito.

Dama ko ang kabalintunaan ng mga kanta ng Asin sa aming mga ginagawa bilang trabahante ng isang minahan:

*Lapit mga kaibigan at makinig kayo*

*Ako'y may dala dalang balita galing sa bayan ko.*

*Nais kong ipamahagi ang mga kwento at  
Ang mga pangyayaring nagaganap sa lupang ipinangako.*

Napakaraming nagbago sa aking pananaw at paniniwala simula noong ako'y bagito pa lamang sa kolehiyo. Ang siyensya nga ay amoral at maaring gamitin sa kung sa papaanong pamamaraan mo ito ninanais na gamitin. Mga numero lamang ito subalit ang gagamit nito ay magkakaroon ng kapangyarihang mamili sa kung sinu-sino ang pauunlarin.

Sa panahong ito, ang siyensya ay ginagamit ng mga piling tao upang pagyamanin lamang ang mga sarili nila. Totoong nakakasama ng kapaligiran ang industriyalisasyon subalit bawat tao, lugar, nayon at istorya ay nagbibigay ng kakaibang pananarinari sa isang isyu. Hindi lamang lubos na itim at puti ang mga panig sa isang usapin. Madalas, may mga *gray areas* na dapat suriin. May mga kwento sa likod ng bawat trabahante sa nayon.

*Ang lupang pinanggalingan ko'y may bahid ng dugo.  
May mga lorong di makalipad nasa hawlang ginto.  
May mga punong walang dahon,  
Mga pusong di makakibo,  
Sa mga pangyayaring nagaganap sa lupang ipinangako.*

Akala natin na ang pagkokomento sa social media ay paraan ng pagdependa sa mga taong hindi mabigyan ng boses ng sistema. Ngunit madalas pala'y hindi natin napapansin na dahil napakadaling gamitin ang *keyboard* ay hindi na tayo nagsasaliksik sa tunay na saloobin ng mga taong sa ating pag-aakala'y ating nirerepresenta at ipinaglalaman.

Sa aking pakikisalamuha sa kanila'y napagtanto kong napakarami sa kanila ang hindi makakibo dahil sa labis na paniniil. Maraming korporasyon na ang tingin lamang sa mga manggagawa ay pawang *beasts of burden*.

*Mula ng makita ko ang lupang ito,  
Nakita ko rin ang munting apoy sa puso ng tao.  
Ginatungan ng mga kabulukan hanggang sa lumago,  
Ngayon ang puso'y may takot sa lupang pinangako.*

Sinubukan naming ipaglaban ang kinabukasan ng nayon. Masigasig kaming dumulog sa gobyerno at umasang magbabago ang korporasyon. Sa huli ay walang nangyari at nakalimutan lamang ang kwento ng mga taga-nayon. Ngayon ay marami nang takot at hindi na umaasang mabibigyang pansin ang kanilang mga karaingan.

Patuloy na lamang bang magiging *props* ng mga politiko ang mga manggagawang hindi mabigyan ng boses ng sistema? Patuloy nalang ba silang magiging kasangkapan lamang sa libangan ng ating henerasyon tuwing nagtatalo tayo sa Facebook? Kailan ba tayo sasali sa diskurso hindi upang palobohin lamang ang ating kaakuhan, kundi para talaga maghanap ng tunay na solusyon sa kanilang mga hinaing?

*Dati rati ang mga bukid ay kulay ginto.  
Dati rati'y ang mga ibon sinlaya ng tao.  
Dati rati ay katahimikan, ang musikang nagpapatulog sa mga batang walang  
Muwang sa mundo.*

*Ngayon ang lupang ipinangako ay nagsusumamo.  
Patakan n'yo ng luha ang apoy sa kanyang puso.  
Dinggin n'yo ang mga sigaw ng mga puso,  
Ng taong una n'yong dadamhing kabilang sa inyo.*

Bulag ako sa aking opinyon noon at inakala kong dahil nag-aral ako ng limang taon sa siyensya ay sapat na ito para magampanan ko ang aking tungkulin bilang isang *supervisor*.

Hindi pala puro numero lamang ang siyensya dahil ano mang bunga ng agham ay magkakaroon din ng direktang epekto sa mga manggagawa. *Double-edged sword* nga ang agham at ang mga teorya'y walang pake kung saan ito gagamitin. Subalit ang mga katrabaho kong pawang maso lamang ang kagamitan ay may mga boses pala na nararapat na pakinggan. Marami sa kanila ang walang pinag-aralan subalit maraming aral ang mapupulot mula sa pakikisama sa kanila.

Maraming Kokok, Tatay Jr., Baudz at Kilong sa Pilipinas. *Manual labor* man ang kanilang kaya dahil salat sa edukasyon ay mayroon pa ring mga pangarap na nabubuo sa bawat pukpok ng kanilang mga maso.

*Duol mga kaigsuunan ug paminaw kamo.*

*Duna koy dala nga mga balita gikan sa banwa ko.*

*Gusto ko nga ipahibalo ang mga istorya nga nagagahitabo sa banwang gisaad na'to.*

Mag-aalas singko na ng umaga nang matapos nilang iproseso ang mga *ore samples*. Ilang minuto pa ay may dumating na namang panibagong grupo ng mga sako. Pagkatapos ng sandaling break ay balik na naman sa pagkayod ang mga *Sample Preparation Helpers* gamit ang kanilang mga pala at maso.

Nakita ko si Tatay Jr. na tinatapik-tapik ang kanyang radyong de baterya.

“Tay, wala na?”

“Ubos na ata ang baterya, sir. Nagloloko na kasi ‘to.”

“Di bale, bukas na lang ulit. Umaga na.”

Tinago ni Tatay Jr. ang kanyang radyo. Kay tagal ko nang hindi napansin ang pagsikat at pagputok ng *bidlisiw* ng araw.

Sabay sa katahimikan ng radyo ang pagtigil sa mga kanta ng Asin tungkol sa mga hinaing ng bayan. Subalit magsisimula pa lang muli ang pag-arangkada ng mga *heavy equipment* at pagkalampag ng mga maso sa minahan.